PAGTUGON SA MGA PAG-AALALA NG NANGUNGUPAHAN SA PANAHON NG PAMBANSANG EMERHENSYANG HATID NG COVID-19

Ginagamit ang polyetong ito sa mga programa sa pabahay na may tulong at may seguro na pinangangasiwaan ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD, Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Kalunsuran ng Estados Unidos), Tanggapan ng mga Programa para sa Pangmaramihang Pamilyang Pabahay. Hindi ginagamit ang polyetong ito sa Programa sa Pampublikong Pabahay, ang Seksyon 8 na Programa sa Katamtamang Rehabilitasyon (maliban sa mga pangmaramihang pamilyang ari-arian sa pabahay na may seguro ng Federal Housing Administration (FHA, Pederal na Pangasiwaan sa Pabahay)), o ang Housing Choice Voucher Program (Tulong sa Pabahay) (maliban kung ang voucher ay ginamit sa isang pangmaramihang pamilyang ari-arian sa pabahay na may mortgage na may seguro ng FHA).

DAPAT PA RING BAYARAN ANG UPA SA PANAHON NG PAMBANSANG EMERHENSYANG HATID NG COVID-19. AGAD NA MAKIPAG-USAP SA IYONG LANDLORD (NAGPAPAUPA) TUNGKOL SA POSIBLENG PAGBABAWAS NG UPA KUNG NAWALAN KA NG KITA.

Noong Marso 13, 2020, pinirmahan ni Pangulong Donald J. Trump ang deklarasyon ng pambansang emerhensya tungkol sa pandemyang coronavirus. Ang pambansang emerhensya ay nagkaroon ng napakalaking epekto sa mga operasyon sa mga pangmaramihang pamilyang ari-ariang tinutulungan ng HUD at may seguro ng FHA. Maraming nangungupahan ang nawalan ng trabaho o nabawasan ng oras sa trabaho at nag-aalala tungkol sa kung paano nila mababayaran ang upa at ang iba pang mga pangunahing pangangailangan.

Natanggap mo ang polyetong ito dahil ang komunidad ng iyong apartment ay nakikibahagi sa isang programang pinangangasiwaan ng United States Department of Housing and Urban Development (Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Kalunsuran ng Estados Unidos).

Maikling inililista ng polyetong ito ang mahalagang impormasyon tungkol sa pagbabayad ng iyong upa sa panahon ng pambansang emerhensya.

Dapat pa rin ba akong magbayad ng upa?

- **Dapat pa ring bayaran ang upa** sa karaniwang petsa sa panahon ng pambansang emerhensya. Kung nabawasan ang iyong kita o nagbago ang mga kalagayan kung saan mahihirapan kang bayaran sa oras ang iyong upa, agad na makipag-ugnayan sa iyong landlord.

Nahihirapang magbayad ng upa?

Halimbawa, kung nawalan ka ng trabaho, pansamantalang napatigil sa trabaho nang walang bayad, o nabawasan ang iyong mga oras sa trabaho.

- Kung tumatanggap ka ng **tulong sa upa na pinopondohan ng HUD** at nabawasan ang kita, **magsaayos ng income certification (pagsesertipika ng kita)** sa property management (tagapamahala ng ari-arian) sa lalong madaling panahon: maaaring maging karapat-dapat ka sa agarang pagbabawas ng upa o eksemsyon dahil sa kahirapan epektibo sa unang buwan kasunod ng pagkawala ng kita. HINDI kasama ang matatanggap na tulong sa pederal na pamahalaan sa pagkalkula ng iyong kita. Maaaring may alam din ang property management ng tungkol sa iba mga lokal na mapagkukunan ng impormasyon at suporta.

- Nag-aalala sa pagpunta sa leasing office (tanggapang nagpapaupa) upang makipagtagpo o pumirma ng mga dokumento? Pahihintulutan ka ng HUD na magpadala ng alternatibong pirma sa pamamagitan ng email, fax, o iba pang elektronikong paraan hangga't ibibigay mo ang iyong orihinal na pirma sa kalaunan. Tanungin ang iyong property manager (tagapamahala ng ari-arian) ng tungkol sa mga paraan para makapagbigay ng alternatibong pirma nang hindi pumupunta sa leasing office.

- Kung ikaw ay isang nangungupahan sa isang **ari-ariang may seguro ng FHA**, dapat kang agad na makipag-ugnayan sa iyong landlord kung inaasahan mong maaari kang mahirapang magbayad ng upa. Makipag-ugnayan nang maaga upang talakayin ang mga potensyal na plano sa pagbabayad o mga akomodasyon. Maaaring maging karapat-dapat ka sa tulong sa pamamagitan ng programa ng estado o lokal na programa, o maaaring may alam ang iyong landlord na ibang mga mapagkukunan ng impormasyon at suporta.

PANSAMANTALANG SINUSPINDE ANG MGA PAGPAPAALIS DAHIL LAMANG SA HINDI PAGBABAYAD NG UPA.

- **Isinuspinde ng 120 araw ang mga pagpapaalis, mula Marso 27, 2020 hanggang Hulyo 25, 2020, dahil sa hindi pagbabayad ng upa** para sa mga nangungupahan sa pangmaramihang pamilyang ari-ariang tinutulungan ng HUD at may seguro ng FHA sa panahon ng pambansang emerhensya sa pamamagitan ng moratoryong isinabatas sa Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act ("CARES Act" (Batas sa Tulong at Seguridad sa panahon ng Coronavirus o Batas na CARES)). Ito ay nangangahulugang hindi maaaring maghain ng bagong aksyon ng pagpapaalis ang iyong landlord laban sa iyo dahil sa hindi pagbabayad ng upa o singilin ka dahil sa nahuling pagbabayad o mga parusa hanggang sa matapos ang moratoryo.
  - **HINDI** naaapektuhan ng pederal na moratoryo sa pagpapaalis ang:
    - Mga pagpapaalis na naihain bago sinimulan ang moratoryo o naihain pagkatapos nito.
    - Mga kaso kung saan ang pagpapaalis ay batay sa mga dahilang bukod sa hindi pagbabayad ng upa o hindi pagbabayad ng iba pang mga singil o pataw.
  - **Sa oras na matapos ang moratoryo, maaaring maghain para sa mga pagpapaalis ang mga may-ari gamit ang 30 araw na abiso** at maaaring ipatupad ang pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa. Ang pakikipag-ugnayan sa iyong landlord (nagpapaupa) upang pag-usapan ang tungkol sa muling pagsesertipika ng kita (kung bumaba ang iyong kita) o kasunduan sa pagbabayad ay maaaring makatulong upang maiwasan ang mapaalis sa oras na matapos ang moratoryo. Sa katulad na paraan, kung kaya mong bayaran ang iyong upa, dapat mong patuloy na gawin ito upang maiwasan ang potensyal na mapaalis sa hinaharap.

Nag-aalala sa mga kondisyon ng ari-arian?

Makipag-ugnayan sa iyong Project-Based Contract Administrator (PBCA, Administrador ng Kontratang Nakabatay sa Proyekto) o ang Panrehiyong Tanggapan ng HUD kung mayroon kang mga pag-aalala. Kung nakatira ka sa isang Seksyon 8 na Pangmaramihang Pamilyang ari-arian ng HUD, ang pangalan at numero sa pakikipag-ugnayan ng PBCA para sa iyong ari-arian ay dapat na nakapaskil at makikita mo sa karaniwang pinupuntahang lugar. Kung hindi mo mahanap ang impormasyong iyon, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong panrehiyon o lokal na Tanggapan ng HUD para sa tulong. Upang mahanap ang iyong Panrehiyong Tanggapan ng HUD: http://www.hud.gov/local.

- Matatagpuan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga sertipikasyon ng nangungupahan at iba pang patnubay ng HUD sa panahon ng pambansang emerhensyang ito sa https://www.hud.gov/program_offices/housing/mfh.
- Ang mga lokal na yunit ng gobyerno (kabilang ang mga county at mga awtoridad sa pabahay at muling pagpapaunlad) at mga non-profit ay maaaring magkaroon ng mga tumutulong na programa. Para sa higit pang impormasyon at mga mapagkukunan ng suporta kaugnay ng COVID-19, bisitahin ang website ng U.S. Administration for Community Living (Pangasiwaan ng Pamumuhay sa Komunidad ng Estados Unidos) sa https://acl.gov/COVID-19.

MAG-INGAT SA MGA SCAM:

Ang mga scam na may kaugnayan sa COVID-19 ay gumagawa ng mga mapanlinlang na pangakong mula sa pagkakaloob ng mga pagsusuri, bakuna o medikal na kagamitan, hanggang sa pagtulong na mabayaran ang mga mortgage, o pagpapahayag na tutulong sa pagkuha ng pederal na stimulus payment (tulong ng gobyerno). **Ang pinakamabuting depensa ay tumanggi o magsabi ng HINDI** kung mayroong makikipag-ugnayan sa iyo at hihingin ang numero ng iyong Social Security, numero ng account sa bangko, impormasyon sa credit card, numero ng Medicare ID, numero ng lisensya sa pagmamaneho o anumang iba pang personal na matutukoy na impormasyon sa pamamagitan ng telepono, nang personal, sa pamamagitan ng mensahe sa text, o email. I-report ang mga scam sa ftc.gov/complaint.

Office of Multifamily Housing Programs
(Tanggapan ng mga Programa para sa Pangmaramihang Pamilyang Pabahay)
Washington, DC 20410-0002 Opisyal na Tanggapan
Parusa sa Pribadong Paggamit $300

Makukuha ang polyetong ito na isinalin sa iba't ibang wika sa website ng HUD sa:
https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/17lep

ESTADO	PBCA	NUMERO PARA SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG RESIDENTE
Alabama	Navigate Affordable Housing Partners, Inc (Mga Kasama sa Paggalugad ng Abot-kayang Pabahay) 500 Office Park Drive, Suite 300 Birmingham, AL 35223	888-466-5572
Arizona Housing (Pabahay sa Arizona)	Arizona Housing (Pabahay sa Arizona) 1700 West Washington #280 Phoenix, AZ 85007	888-842-4484
Arkansas	Southwest Housing Compliance Corporation (Korporasyon sa Pagsunod sa Pabahay sa Timog-Kanluran) 1124 South IH 35 Austin, TX 78704	888-842-4484
California (Katimugan) (800)	Los Angeles LOMOD Corporation (Korporasyong LOMOD ng Los Angeles) 2600 Wilshire Blvd, Suite 3136 Los Angeles, CA 90057	877-240-4904
California (Hilaga) (801)	California Affordable Housing Initiatives, Inc. (Mga Inisyatiba sa Abot-kayang Pabahay ng California) 505 14th St., Suite 650 Oakland, CA 94612	800-982-5221
Colorado	Colorado Housing and Finance Authority (Awtoridad sa Pabahay at Pananalapi ng Colorado) 1981 Blake Street Denver, CO 80202 – 1272	303-297-7442
Connecticut	Navigate Affordable Housing Partners, Inc (Mga Kasama sa Paggalugad ng Abot-kayang Pabahay) 500 Office Park Drive, Ste 300 Birmingham, AL 35223	888-466-5572

Delaware	Delaware State Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay ng Estado ng Delaware) 26 The Green Dover, DE 19901	888-363-8808
District of Columbia	Assisted Housing Services Corporation (Korporasyong Nagbibigay ng Serbisyo sa Tulong sa Pabahay) 880 East 11th Avenue Columbus, OH 43211-2771	877-506-3552
Florida	North Tampa Housing Development Corporation (Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Pabahay sa Hilagang Tampa) 4300 W. Cypress Street, Suite 970 Tampa, FL 33607	800-982-5232
Georgia	National Housing Compliance (Pagsunod sa Pambansang Pabahay) 1975 Lakeside Parkway Suite 310 Tucker, GA 30084	888-530-8266
Hawaii	Hawaii Public Housing Authority (Awtoridad sa Pampublikong Pabahay ng Hawaii) 1002 N. School Street Honolulu, HI 96817	866-591-6218
Idaho	Idaho Housing and Finance Association (Asosasyon sa Pabahay at Pananalapi ng Idaho) P.O. Box 7899 Boise, ID 83707-1899 Fed Ex naAddress lamang 565 West Myrtle Street Boise, ID 83703-1899	855-505-4700

Illinois	National Housing Compliance (Pagsunod sa Pambansang Pabahay) 1975 Lakeside Parkway Suite 310 Tucker, GA 30084	888-530-8266
Iowa	Iowa Finance Authority (Awtoridad sa Pananalapi ng Iowa) 2015 Grand Avenue Des Moines, IA 5032	800-432-7230
Indiana	Indiana Housing Finance Authority (Awtoridad sa Pagpipinansya ng Pabahay ng Indiana) 30 South Meridian Street, 10th Floor Indianapolis, IN 46204	317-656-8808
Kansas	Kansas Housing Resources Corporation (Korporasyon sa mga Mapagkukunan ng Impormasyon at Suporta ng Kansas) (Dating: State Department of Commerce and Housing (Kagawaran ng Komersyo at Pabahay ng Estado)) 611 South Kansas Avenue, Suite 300 Topeka KS 66603-3803	800-752-4422
Kentucky	Kentucky State Housing Corporation (Korporasyon sa Pabahay ng Estado ng Kentucky) 1231 Louisville Road Frankfort, KY 40601-6191	844-797-5078
Louisiana	Louisiana Housing Corporation (Korporasyon sa Pabahay ng Louisiana) 2415 Quail Drive Baton Rouge, LA 70808	888-454-2001

Maine	Maine State Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay ng Estado ng Maine) 353 Water Street Augusta, ME 04330-4633	800-452-4668
Maryland	Maryland Dept of Housing & Community Development (Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ng Maryland) 7800 Harkins Road Lanham, MD 20706	877-863-9583
Massachusetts	Massachusetts Housing Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay ng Massachusetts) One Beacon Street Boston, MA 02108	617-854-1000
Michigan	Michigan State Housing Development Authority (Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Pabahay ng Estado ng Michigan) 735 E. Michigan Avenue P.O. Box 30044 Lansing, MI 48909	844-674-3224
Minnesota	Minnesota Housing Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay ng Minnesota) 400 Sibley Street, Suite 300 St. Paul, MN 55101	800-657-9647
Mississippi	Navigate Affordable Housing Partners, Inc (Mga Kasama sa Paggalugad ng Abot-kayang Pabahay) 500 Office Park Drive, Ste 300 Birmingham, AL 35223	888-466-5572
Missouri	Missouri Housing Development Commission (Komisyon sa Pagpapaunlad ng Pabahay ng Missouri) 3435 Broadway Kansas City, MO 64111-2403	866-605-7467

Montana	Montana Department of Commerce (Kagawaran ng Komersyo ng Montana) 301 South Park Avenue PO Box 200548 Helena, MT 59620-0548	800-761-6264
Nebraska	(**Address ng Ehekutibong Tanggapan)** Housing Authority City of Bremerton (Awtoridad sa Pabahay ng Lungsod ng Bremerton) 600 Park Ave. Bremerton, WA 98337 **(Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Kontrata)** Norm Dicks Government Center (Sentro ng Pamahalaan ng Norm Dicks) 345 6th Street. Suite 200 Bremerton, WA 98337	877-792-9175
Nevada	Washoe Affordable Housing Corporation (Korporasyon sa Abot-kayang Pabahay ng Washoe) 1525 East Ninth Street Reno, NV 89512-3012	888-202-9036
New Hampshire	New Hampshire Housing Finance Authority (Awtoridad sa Pagpipinansya ng Pabahay ng New Hampshire) 32 Constitution Drive Bedford, NH 03110	800-640-7239
New Jersey	New Jersey Housing and Mortgage Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay at Mortgage ng New Jersey) 637 South Clinton Avenue Trenton, NJ 08650-2085	800-654-6873
New Mexico	New Mexico Mortgage Finance Authority (Awtoridad sa Pagpipinansya sa Mortgage ng New Mexico) 344 4th Street SW Albuquerque, MN 87102	800-657-9647

New York	New York State Housing Trust Fund Corporation (Korporasyon sa Pondong Pangangalaga sa Pabahay ng Estado ng New York) 38-40 State Street, Hampton Plaza Albany, NY 12207	866-641-7901
North Carolina	North Carolina Housing Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay ng North Carolina) 3508 Bush Street Raleigh, NC 27609-7509	866-318-0808
North Dakota	North Dakota Housing Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay ng North Dakota) P.O. Box 1535 2624 Vermont Avenue Bismarck, ND 58502-1535	800-292-8621
Ohio	Columbus Metropolitan Housing Authority Assisted Housing Services Corporation (Awtoridad sa Pabahay ng Columbus Metropolitan, Korporasyon sa mga Serbisyo sa Tulong sa Pabahay) 880 East 11th Avenue Columbus, OH 43211	877-506-3552
Oklahoma	Oklahoma Housing Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay ng Oklahoma) 100 N.W. 63rd Street, Suite 200 Oklahoma City, OK 73126	800-436-1347
Oregon	Oregon Housing and Community Services Department (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pabahay at Komunidad ng Oregon) 725 Summer Street, NE, Suite B Salem, OR 97301-1266	800-453-5511

Pennsylvania	Pennsylvania Housing Finance Agency (Ahensya ng Pagpipinansya ng Pabahay ng Pennsylvania) 211 North Front Street P.O. Box 8029 Harrisburg, PA 17105-8029	877-253-7709
Puerto Rico	Puerto Rico Housing Finance Authority (Awtoridad sa Pagpipinansya ng Pabahay ng Puerto Rico) PO Box 71361 San Juan, PR 00936-8461	787-765-7577
Rhode Island	Rhode Island Housing (Pabahay ng Rhode Island) 44 Washington Street Providence, RI 02903-1721	800-427-5560
South Carolina	South Carolina State Housing Finance and Development Authority (Pagpipinansya ng Pabahay at Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Estado ng South Carolina) 300-C Outlet Pointe Boulevard Columbia, SC 29210	803-896-9007
South Dakota	South Dakota Housing Development Authority (Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Pabahay ng South Dakota) P.O. Box 1237 3060 East Elizabeth Pierre, SD 57501-1237	800-540-4241
Tennessee	Tennessee Housing Development Agency (Ahensya ng Pagpapaunlad ng Pabahay ng Tennessee) 502 Deaderick Street, Third Floor Nashville, TN 37243	800-314-9320
Texas	Southwest Housing Compliance Corporation (Korporasyon sa Pagsunod sa Pabahay sa Timog-Kanluran) 1124 South IH 35 Austin, TX 78704	888-842-4484

Utah	(**Address ng Ehekutibong Tanggapan)** Housing Authority City of Bremerton (Awtoridad sa Pabahay ng Lungsod ng Bremerton) 4040 Wheaton Way, Suite 204 Bremerton, WA 98310 **(Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Kontrata)** Norm Dicks Government Center (Sentro ng Pamahalaan ng Norm Dicks) 345 6th Street. Suite 200 Bremerton, WA 98337	877-792-9175
Vermont	Vermont Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay ng Vermont) One Prospect Street Montpelier, VT 05602-3556	800-820-5119
Virgin Islands	North Tampa Housing Development Corporation (Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Pabahay sa Hilagang Tampa) 4300 W. Cypress Street, Suite 970 Tampa, FL 33607	800-982-5232
Virginia	Navigate Affordable Housing Partners, Inc. (Mga Kasama sa Paggalugad ng Abot-kayang Pabahay) 500 Office Park Drive, Suite 300 Birmingham, AL 35223	888-466-5572
Washington	(**Address ng Ehekutibong Tanggapan)** Housing Authority City of Bremerton (Awtoridad sa Pabahay ng Lungsod ng Bremerton) 4040 Wheaton Way, Suite 204 Bremerton, WA 98310	877-792-9175

	(Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Kontrata) Norm Dicks Government Center (Sentro ng Pamahalaan ng Norm Dicks) 345 6th Street, Suite 200 Bremerton, WA 98337	
West Virginia	West Virginia Housing Development Fund (Pondo sa Pagpapaunlad ng Pabahay ng West Virginia) 5710 Mac Corkle Avenue SE Charleston, WV 25304	888-334-6065
Wisconsin	Wisconsin Housing & Economic Development Authority (Awtoridad sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Wisconsin) 201 W. Washington Ave. Suite 700 Madison, WI 53701-1728	800-943-9430
Wyoming	Housing Authority City of Cheyenne (Awtoridad sa Pabahay ng Lungsod ng Cheyenne) 3304 Sheridan Street Cheyenne, WY 82009	866-628-7222